Karagdagang Aplikasyon sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan

Nagsisikap ang Konseho sa Kawalan ng Tirahan na pahusayin ang lokal na pagtugon sa kawalan ng tirahan sa Contra Costa County.

Hinihimok ng Konseho ng Kawalan ng Tirahan ang lahat ng miyembro ng komunidad na mag-apply para sa isang puwesto. Nilalayon ng Konseho na isali ang hangga't maaari ay malawak na representasyon ng mga kakayahan, edad, mga pagkakakilanlang seksuwal at pangkasarian, mga katayuan ng pandarayuhan, at mga pinagmulan ng lahi, etniko, at kultura, at heograpiko sa loob ng County. Ang mga indibidwal na nakaranas ng kawalan ng tirahan sa kanilang buhay at/o ang sistemang pangkatarungan ay hinihikayat na mag-apply.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan at gawain nito sa pagsuporta at pamamahala ng Continuum of Care (CoC), kasama ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo, programa, pagpopondo, at pagganap ng CoC, pumunta sa https://cchealth.org/h3/#Council.

Tungkol sa mga Karagdagang Tanong para sa Aplikasyon sa Pagiging Miyembro sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan

Ang sumusunod na mga tanong ay gagamitin ng Lupon para sa Nominasyon ng Konseho ng Kawalan ng Tirahan para tukuyin ang iba't ibang aplikante na makakapag-ambag ng natatanging kahusayan at mga pananaw sa Konseho. Susuriin ang mga sagot sa mga tanong na ito may kaugnayan sa karanasan at kuwalipikasyon na ninanais para sa available na mga puwesto ng miyembro. Mangyaring maingat na isaalang-alang kung paano makabuluhang makapag-aambag ang iyong personal at propesyonal na mga karanasan, at mga pinahahalagahan sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan at sa mga pagsisikap ng Contra Costa County Homeless Continuum of Care upang gawing bihira, maikli at hindi umuulit ang kawalan ng tirahan sa Contra Costa.

Mangyaring tandaan, may dalawang kinakailangang elemento sa aplikasyon sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan, ang "Mga Karagdagang Tanong" na ito at ang Aplikasyon sa County, na available sa https://forms.office.com/g/5KDTTx6ypJ. Upang maisaalang-alang para sa Konseho, dapat mong kumpletuhin ang dalawang bahagi ng aplikasyon.

Mangyaring tandaan, puwedeng punan ang form na ito bilang isang Word document at i-email sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan sa CChomelesscouncil@cchealth.org hanggang sa deadline o ipasa sa pamamagitan ng Microsoft Forms dito:

Mga Karagdagang Tanong

1. **Aling bakanteng puwesto sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan ang ina-apply-an mo? Mangyaring tukuyin ang isang puwesto sa ibaba.**

☐ Kinatawan ng Tagapagtayo ng Abot-kayang Pabahay

☐ Kinatawan ng Kalusugan ng Paggawi

☐ Kinatawan ng Pamahalaan ng Lungsod

☐ Kinatawan ng mga Serbisyo sa Edukasyon at Bokasyon

☐ Kinatawan ng Gawad sa Mga Solusyong Pang-emergency

☐ Kinatawan ng Pangangalagang Pangkalusugan

☐ Kinatawan ng Tagapagbigay ng Serbisyo sa Walang Tirahan

☐ Tagapayo sa Naranasan sa Buhay

☐ Kinatawan ng Administrasyon ng mga Beterano

☐ Kinatawan ng Pagpapaunlad sa Manggagawa

☐ Kinatawan ng Kabataan

2. **Pakilarawan nang maikli ang anumang espesyal na mga kasanayan, relasyon, o mapagkukunan na gusto mong dalhin sa partikular na puwestong ito. Kung angkop, pakilarawan ang anumang karanasan na nagpapakita ng nakaraang propesyonal o personal na pagtuon sa pagtugon at pagbabawas sa kawalan ng tirahan sa loob ng paksa o larangan na nauugnay sa bakanteng puwesto.** (pinakamarami ang 400 salita)

   Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

3. **Mangyaring tukuyin ang anumang personal na koneksyon sa kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagpili ng isa sa mga opsyon na nasa ibaba:**

   ☐ Isa akong indibidwal na kasalukuyang nakakaranas ng kawalan ng tirahan at nakatira sa isang shelter o lokasyon na hindi nilalayong maging tirahan ng tao (hal., sa isang tent).

   ☐ Isa akong indibidwal na nakaranas ng kawalan ng tirahan sa loob ng nakalipas na 5 taon pero ngayon ay may bahay na.

   ☐ Isa akong indibidwal na nakaranas ng kawalan ng tirahan na mahigit 5 taon na ang nakakalipas pero ngayon ay may bahay na.

☐ Isa akong miyembro ng pamilya ng isang tao na nakaranas ng kawalan ng tirahan.

☐ Hindi ako isa sa mga nabanggit ngunit nakalaan pa rin ako sa pagtuon sa kawalan ng tirahan sa County ng Contra Costa.

☐ Mas gugustuhin kong hindi tumugon.

4. **Ang mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa Contra Costa County ay nanggaling sa iba't ibang pinagmulan (kung tungkol sa mga kakayahan, edad, pagkakakilanlang seksuwal at pangkasarian, kalagayan ng pandarayuhan, at pinagmulang lahi, etniko, at kultura). Pakilarawan ang iyong pamamaraan at karanasan sa pagtatrabaho kasama ang at sa iba't ibang populasyon.** (pinakamarami ang 400 salita)

   Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

5. **Pakilarawan ang iyong koneksyon sa mga organisasyon o ahensya na nagseserbisyo sa iba't ibang subpopulasyon ng mga walang tirahan gaya ng: mga tao na may nagtatagal na isyu ng pag-abuso sa droga, mga tao na may malubhang sakit sa pag-iisip, mga taong nakakaranas ng nagtatagal na kawalan ng tirahan, mga tao na may HIV/AIDS, mga beterano, mga pamilya na may mga anak, mga kabataan na walang kasama, mga biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, seksuwal na pananalakay, at pagmamanman, at matatanda.** (pinakamarami ang 400 salita)

   Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

6. **Kung angkop, pakilarawan ang iyong mga koneksyon sa anumang organisasyon ng pamahalaan at nakabatay sa komunidad na kasalukuyang hindi kinakatawan sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan. Para sa buong listahan ng kasalukuyang mga miyembro ng Konseho ng Kawalan ng Tirahan, pakitingnan dito.** (pinakamarami ang 400 salita)

   Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

7. **Gamit ang iyong personal at/o propesyonal na mga karanasan, pakilarawan ang hanggang tatlong (3) paraan na hihikayatin mo ang Contra Costa Continuum of Care na tugunan o itakda ang mga priyoridad para sa pagtugon sa kawalan ng tirahan. Malayang kumuha mula sa mga kasalukuyang kaganapan at impormasyon.** (pinakamarami ang 400 salita)

Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

8. **Ilang pagpupulong ng Continuum of Care (CoC), Konseho ng Kawalan ng Tirahan (Council on Homelesness, CoH), o Konseho ng Pagpapayo sa Kabataan (Youth Advisory Council, YAC) ang nadaluhan mo na noon?**
   - ☐ 3 o higit pang pagpupulong
   - ☐ 1-2 pagpupulong
   - ☐ 0 pagpupulong

9. **Mangyaring ibigay ang hanggang tatlong (3) rekomendasyon o saloobin na nagkaroon ka mula sa mga pagpupulong ng CoC, CoH, o YAC. Kung hindi ka pa nakakadalo sa mga pagpupulong ng CoC, CoH, o YAC, pakilarawan nang maikli ang anumang kamakailang nauugnay na pagsali mo sa katulad na mga pagpupulong at ang iyong mga rekomendasyon o saloobin.** (pinakamarami ang 400 salita)
   Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

10. Nakatuon ang Konseho sa pamamaraan na Pabahay Muna (walang hadlang o hinihingi bilang unang kailangan sa pabahay, kasama ang kahinahunan, relihiyong kinaaaniban, o ibang istraktura na hindi kailangan para sa pabahay) at nagtatag nitong Gabay na Prinsipyo: *Ang kawalan ng tirahan ay una isang problema sa pabahay, at mahalaga ang mga kailangang suporta at serbisyo upang matulungan ang mga tao na manatiling may bahay. Dapat maliksi at sapat na naibabagay ang ating sistema upang tumugon sa pamamagitan ng nakabahaging responsibilidad, pananagutan, at katapatan ng komunidad.* **Sumusuporta ka ba sa pamamaraan na Pabahay Muna at sa Gabay na Prinsipyo na inilarawan sa itaas?**

    ☐ Oo

    ☐ Kung hindi, pakipaliwanag (pinakamarami ang 400 salita):

11. **Mangyaring tukuyin ang antas ng pagtuon na kaya mong ibigay sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga opsyon na nasa ibaba:**

☐ Magiging **available ako para sa 2 o higit pang pagpupulong kada buwan, kasama ang umiiral na buwanang pulong ng COH** sa unang Huwebes ng bawat buwan mula 1pm hanggang 3pm.

☐ Magiging **available lamang ako para sa umiiral na buwanang pulong ng COH** sa unang Huwebes ng bawat buwan mula 1pm hanggang 3pm.

☐ Hindi ako **available para sa umiiral na buwanang pulong ng COH**, ngunit makadadalo sa iba pang pagpupulong 2 o higit pang beses kada buwan.

☐ Hindi ako **available para sa umiiral na buwanang pulong ng COH at maaaring hindi makadalo sa ibang pagpupulong** nang higit sa isang beses kada buwan.

12. Alin sa mga heograpikong lugar ang madalas na pinaggugugulan mo ng iyong panahon?

☐ Far East Contra Costa County (halimbawa: Discovery Bay, Bethel Island)

☐ East Contra Costa County

☐ Central Contra Costa County

☐ South Contra Costa County

☐ West Contra Costa County

☐ Gumugugol ako ng magkakatumbas na dami ng panahon sa lahat ng limang heograpikong lugar na nakalista sa itaas.

Opsyonal: Demograpikong Impormasyon

Nilalayon ng Konseho na isama at isali ang hangga't maaari ay malawak na representasyon ng mga kakayahan, edad, mga pagkakakilanlang seksuwal at pangkasarian, mga katayuan ng pandarayuhan, at mga pinagmulan ng lahi, etniko, at kultura, at heograpiko sa loob ng County. Opsyonal ang pagtugon sa sumusunod na mga tanong at isasaalang-alang nang sama-sama para matiyak na na-recruit namin ang iba't ibang pangkat ng mga aplikante. Hindi rerepasuhin ng Lupon para sa Nominasyon ang sumusunod na mga tanong.

13. Ano ang iyong mga panghalip (halimbawa: siya (she)/siya (him)/sila/ze, iba pa)?

Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

14. Ano ang pagkakakilanlan ng iyong kasarian (halimbawa: babae/lalaki/transgender/non-binary/gender non-conforming, iba pa)?

Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

15. Ano ang iyong seksuwal na oryentasyon (halimbawa: bisexual/straight/gay/pansexual, iba pa)?

Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.

16. Ano ang pinakamahusay na naglalarawan ng iyong edad? (Lagyan ng tsek ang isa)

☐ Kabataang ang Edad ay Lumilipat mula sa Pangangalaga (18-24)
☐ Adulto (25-61)
☐ Mas nakatatandang adulto (62+)

17. Ano ang pinakamahusay na naglalarawan sa iyong lahi/pangkat etniko? (Pumili ng pinakamarami na naaangkop)

African American/Black	☐	Native American	☐	Pacific Islander	☐
East Indian/South Asian	☐	Arab/Middle Eastern	☐	Asian	☐
Latine/a/o/x	☐	Caucasian/White	☐	Magkahalong Lahi	☐
Pinipiling hindi sagutin	☐	South/Central American	☐		
Iba pa	☐_____				

18. Mayroon pa ka bang anumang iba pang impormasyon na gusto mong ibahagi, kasama ang anumang makakatulong sa amin na maunawaan kung paano ka makakapag-ambag sa iba't ibang representasyon ng mga tao at karanasan sa Konseho (halimbawa: naranasang kawalan ng tirahan sa iyong buhay, mga kakayahan, kalagayan ng pandarayuhan, etnikong pinagmulan, o pinagmulang kultura)?

Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng salita.